



Ipagdiriwang ang "Ota's Traditional Japanese Culture Festival"



Kilalanin ang kulturang Hapon habang nabibigyan ng panatag na loob sa pamamagitan ng panonood, pakikinig, paghawak at pagkakaroon ng karanasan sa tradisyonal na kultura at sining ng pagganap.



Nilalaman

(1) Corner para sa pagpapahalaga sa sining

- Mga katutubong awit at katutubong sayaw ng Ota City at kayamanan ng Japan

① Alam mo ba ang 3 pangunahing katutubong awit ng Ota City?

"Omori Jinku" "Hata Bushi" "Senzoku Mugiuchi Uta"

Tagapagtanghal: Naoyuki Harada (tagaawit ng katutubong awit) / Ota City Haneda Junior High School at iba pa

② Living National Treasure Koto performance bilang pagtanggap kay Bb. Fumiko Yonekawa

- Masiyahan sa kulturang Hapon

① Pagtugtog ng mga musikal na instrumentong Hapon

② Calligraphy performance

(2) Workshop para sa pagkakaroon ng karanasan

Tea ceremony (*), flower arrangement (*), Japanese traditional music (koto, shamisen, shakuhachi, maliit na tambol, malaking tambol), calligraphy, tradisyonal na sayaw ng Hapon (*), tambol ng Hapon (*)

Ang may () ay kailangan ng maagang pagpapareserba.

(3) Iba pa

Ninja performance, street performance, Kabuki-like painting, "Lugar para sa mga larong Hapon (Wayu Hiroba)" kung saan masusubukan ang mga larong Hapon atbp.

Petsa at oras

Ika-14 (Sabado) ng Marso, 2020
10:00am – 4:00pm

Lugar

Ota City Residents Plaza (Ota-ku Shimomaruko 3-1-3)
*Magdala ng panloob na tsinelas atbp. dahil bawal ang panlabas na sapatos sa P.E. room.

Para sa mga katanungan

(Public Interest Incorporated Foundation)
Ota City Culture Promotion Association
☎ 03-3750-1611 FAX 03-3750-1150
Email arts-ws@ota-bunka.or.jp

Mula sa hindi pagkakaroon ng karanasan, patungo sa pagtatrabaho bilang caregiver!

Ang pagiging caregiver ay kaaya-ayang trabaho na nakakapagpangiti at nakakapagbigay-saya sa mga tao!

Bb. Okawa Shiyaruin (Pilipina), Caregiving Staff
Ota City Kamata Nursing Home for Seniors,
Social Welfare Corporation Ikegami Chojuen



Hindi laganap ang trabahong caregiving sa aking bansa, kaya't noong una ay wala akong ideya kung anong klaseng trabaho ito. Bago ang caregiving, nasubukan ko ang iba't ibang trabaho tulad ng bedmaking. Dahil sa rekomendasyon ng aking tatay, nagdesisyon akong subukan ang pagiging caregiver. Nagsimula ako sa zero kaya't hindi ko alam ang mga technical term sa caregiving at hindi ko maintindihan ang sinasabi ng mga kasama kong staff na Hapon, pero tinuruan ako ng mga senior staff mula sa pinakaunang hakbang. Bukod dito, hindi ko hinayaang hindi malinaw sa akin ang mga bagay na hindi maintindihan at nagtanong ako tungkol dito. Isinusulat ko ang mga salitang hindi ko alam sa post-it note at idinidikit sa locker. Kapag naisaulo ko na ito ay tinatanggal, at inulit-ulit ko ang prosesong ito. Unti-unti akong nasanay sa trabaho at lalong naging masaya ang aking pagtatrabaho. Ngayon, ang pinakamasayang bagay para sa akin ay ang makita ang ngiti ng aming mga customer. Itinuturing ko silang ikalawa kong pamilya! Pagkalipas ng 3 taon, nakakuha ako ng lisensya bilang caregiver (Induction Training) sa tulong ng aking kumpanya. Mula ngayon, lalo kong pagbibutihan ang aking pag-aaral upang makuha ang lisensya para naman sa Practical Training!

Time schedule ni Bb. Shiyaruin **(para sa araw na early shift)**



8:15 am	Papasok sa trabaho
8:15 am – 11:00 am	Sasakay sa bus at susunduin ang mga customer ng day service
11:00 am – 12:15 pm	Mag-eehersisyo at gagawa ng mga libangan kasama ng mga customer
12:15 pm – 1:00 pm	Break time
1:00 pm – 3:00 pm	Tutulong sa pagdumi at paliligo
3:00 pm	Maghahanda ng meryenda ng mga customer
3:00 pm – 4:30 pm	Maghahanda para sa pag-uwi ng mga customer, tutulong sa pagdumi
4:30 pm – 5:00 pm	Magsusulat ng rekord ng caregiving para sa buong araw
5:00 pm	Pagtatapos ng trabaho



Mensahe para sa mga taong may interes sa caregiving



Trabaho ng isang caregiver na pasayahin ang mga costumer at gawing kaaya-aya ang kanilang pananatili sa nursing home. Makabuluhan itong trabaho dahil napapasaya at napapangiti ang mga tao. Sa tingin ko ay kaya itong gawin ng kahit sinong may malasakit sa kapwa, ngunit maaaring hindi ito para sa taong maikli ang pasensya... May mga dayuhang nagdadalawang-isip at nawawalan ng pag-asa dahil hindi nakakaintindi ng wikang Hapon, ngunit hindi mahirap iparating ang nararamdaman kahit nakakasagabal ang kaibahan ng wika. Siyempre, kailangan ding mag-aral ng wikang Hapon para sa caregiving, ngunit mahalagang subukan ito kaysa sa mag-alala sa kakayahan sa wikang Hapon!

Si Bb. Shiyaruin habang siya ay sumasayaw ng "Paprika" na suot ang costume ni O-chan sa Hoppo Fureai Matsuri.



Nakapanayam din namin ang Supervisory Business Director na si G. Furukawa (Hapon)!

Nakita ko ang patuloy na pagsisikap ni Bb. Shiyaruin mula nang siya ay pumasok sa nursing home. Sinisiyasat at pinag-aaralan niya ang mga bagay na hindi alam, at laging ibinibigay ang lahat ng makakaya sa kanyang tungkulin. Alam kong mahirap ang magtrabaho sa isang lugar na iba ang wika at kultura. Tungkulin kong isaayos ang kondisyon sa trabaho upang makamit ang hangarin ng mga staff na katulad niya at suportahan sila. Kung may interes kang magtrabaho bilang caregiver, halina't subukan ito.



Paunawa tungkol sa pagsasagawa ng lecture; “Wikang Hapon para sa Caregiving” para sa mga dayuhan

Magsasagawa ng lecture na “Wikang Hapon para sa Caregiving” sa Ota City Social Welfare Center (Ota-ku Nishi-kamata 7-49-2) para sa mga may interes at nais magtrabaho bilang caregiver, at para na rin sa mga nagtatrabaho bilang caregiver na nais pang mag-aral upang makapunta sa susunod na hakbang. May 2 uri ng kurso. Maaari ring lumahok sa dalawang kurso.

	A. Kurso para sa baguhan	B. Kurso para sa pagtatala / paghahatid ng mensahe
Mga pag-aaralan	- Anong trabaho ang caregiving? - Mga salita sa wikang Hapon na gagamitin sa trabahong caregiving (pag-uusap, salita, ekspresyon) - Caregiving exercise (roleplay) at pagmamasid sa pasilidad	- Pagsulat at pagbasa sa rekord ng caregiving - Paraan ng paghahatid ng mensahe - Caregiving exercises (roleplay)
Schedule (5 beses sa kabuuan)	Ika-25 ng Enero, ika-1, 8, 15 at 22 ng Pebrero Tuwing Sabado	
	9:00 am – 12:00 noon	1:00 pm – 4:00 pm
Saklaw	- Dayuhang nakatira, nagtatrabaho o pumapasok sa paaralan sa Ota City - Taong may interes sa trabaho bilang caregiver - May kakayahan sa wikang Hapon na katumbas ng N4 level sa Japanese Language Proficiency Test (JLPT)	- Dayuhang nagtatrabaho sa pasilidad para sa caregiving sa Ota City, o kaya ay may karanasan o may planong magtrabaho rito - May kakayahan sa wikang Hapon na katumbas ng N3 level sa Japanese Language Proficiency Test (JLPT)

Paraan ng aplikasyon

Website ng asosasyon

<https://www.ota-goca.or.jp/kaigo/>



Para sa mga katanungan

General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association

☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982

Email info@ota-goca.or.jp

URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Gamitin ang “Ota City Library Guide” sa iba’t ibang wika

Ang Ota City Library ay naghanda ng mga gabay sa pangunahing paggamit ng aklatan sa mga wika sa ibaba. Gamitin lamang ang mga ito.



Para sa mga katanungan

Ota Library

☎ 03-3758-3051 FAX 03-3758-3625

URL <https://www.lib.city.ota.tokyo.jp/>

Nakapagbayad na ba ng resident tax?

Ang huling araw para sa pagbabayad ng ika-4 bahagi ng resident tax (Special Ward Resident Tax / Metropolitan Resident Tax) ay ika-31 ng Enero. Mangyaring bayaran ito bago ang itinakdang araw. Ipinapakiusap namin na huwag kalimutang bayaran ito. Para sa mga konsultasyon tungkol sa pagbabayad, makipag-ugnayan sa “Para sa mga katanungan” sa ibaba o kaya ay tingnan lamang ang website ng Ota City. Para sa mga hindi nakakaintindi ng wikang Hapon, kumonsulta lamang sa consultation counter sa iba’t ibang wika (03-6424-8822).

Para sa mga katanungan

Tax Payment Division

☎ 03-5744-1205

FAX 03-5744-1517

Ang “Ota City Navigation” ay inilalathala ng Global City Ota Cooperation Association simula ng fiscal year 2019.

Tagapaglathala General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
〒143-0023 Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility 4F

☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Pakiabot sa amin ang inyong mga opinyon at puna sa pamamagitan ng e-mail.

E-mail info@ota-goca.or.jp